


8

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4

### Ideolohiya sa Pulitika at Ekonomiya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE  
**ADM**

**Araling Panlipunan – Ikawalong  
Baitang Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Ideolohiya sa Pulitika at Ekonomiya  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat**

: Sheila M. Penza, Maria Vanessa J. Resullar

**Editor**

: Filipina F. Meehlieb, Lileth F. Oliverio

**Reviewer**

: Lilifreda P. Almazan, Josephine Chonie M. Obseñares,  
Fatima D. Notarte, Marina B. Sanguenza, Filipina F.  
Meehlieb, Lileth F. Oliverio, Analiza G. Doloricon,  
Leowenmar A. Corvera, Edwin C. Salazar, Alyn M. Tolero,  
Jr., Joel P. Plaza, John M. Anino

**Illustrator**

:

**Layout Artist**

: Paul Andrew A. Tremedal, Katherine O. Cordora

**Mga Nangasiwa**

: Francis Cesar B. Bringas

Isidro M. Biol, Jr.

Maripaz F. Magno

Josephine Chonie M. Obseñares

Karen L. Galanida

Florence E. Almaden

Carlo P. Tantoy

Marino L. Pamogas

Noemi D. Lim Sammy

D. Altres

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon ng Caraga**

Office Address: Schools Division Office of Surigao City

M. Ortiz Street, Barangay Washington, Surigao City, Surigao del Norte

Telefax: (086) 826-3075; (086) 826-1268

E-mail Address: surigao.city@deped.gov.ph

# 8

## **Araling Panlipunan**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4  
Ideolohiya sa Pulitika at  
Ekonomiya**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang iba't ibang ideolohiyang umiiral sa daigdig.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtatalakay tungkol sa **Ideolohiya sa Pulitika at Ekonomiya** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- **Paksa 1**- Ang Kahulugan, Kategorya at Ibat-ibang Uri ng Ideolohiya
- **Paksa 2**- Mga Puwersang Pangkabuhayan sa Pulitika ng Bansa

### **Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

- Nasusuri ang mga ideolohiyang pulitikal at ekonomiko sa hamon na estabilisadong institusyon ng lipunan. **(MELC 4 AP8 Q4 Week 6/AP8AKD-IVi-9)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nasusuri ang mga tugon ng mga ideolohiyang pulitikal at ekonomiko sa hamon ng estabilisadong institusyon ng lipunan;
- naihahambing ang iba't ibang ideolohiya sa daigdig;
- napahahalagahan ang bahaging ginampanan ng iba't ibang ideolohiya sa buhay ng mga tao.



## **Subukin**

**Panuto:** Unawain at sagutan ang mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa isang sistema o kalipunan ng mga ideya at mga kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at sa mga pagbabago nito?

- A. Demokrasya
- B. Ideolohiya
- C. Prinsipyo
- D. Sosyalismo

2. Sino ang nagpakilala ng salitang 'ideolohiya' bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya?

- A. Destutt de Tracy
- B. Jean Jacques Rousseau
- C. Karl Marx
- D. Thomas Hobbes

3. Anong uri ng pamahalaan ang nagbibigay sa mamamayan ng pantay na karapatan at kaalaman anuman ang kinabibilangang lahi, kasarian, o relihiyon?

- A. Demokrasya
- B. Kapitalismo
- C. Liberalismo
- D. Sosyalismo

4. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** kabilang sa mga prinsipyong Nazismo?

- A. Pagtatatag ng diktadurya ng mga manggagawa.
- B. Paniniwala ng mga German na sila ang pangunahing lahi sa mundo.
- C. Pagbuwag sa kasunduan sa Versailles sanhi ng mga suliranin sa Germany.
- D. Pagwasak sa Republika at pagtatatag ng Third Reich na isang estadong totalitaryan ng Nazismo.

5. Anong ideolohiya na kung saan may karapatan ang bawat tao na magsalita at magpahayag ng kanyang mga opinyon at mga saloobin?

- A. Ideolohiya sa Pulitika
- B. Ideolohiya sa Lipunan
- C. Ideolohiya sa Kalusugan
- D. Ideolohiya sa Ekonomiya

6. Sa ideolohiyang kapitalismo, anong ahensiya o institusyon ang may maliit na ginampanan sa usapin ng pangangasiwa ng ekonomiya ng bansa?

- A. Mangangalakal
- B. Paaralan
- C. Pamahalaan
- D. Pamilya

7. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang **hindi** kabilang sa ideolohiya sa Komunismo?

- A. Pagwawaksi ng kapitalismo.
- B. Lubos na paghihiwalay ng simbahan at estado.
- C. Ang manggagawa ang supremo sa pamahalaan.
- D. Pagkakapantay-pantay ng mahirap at mayaman.

8. Sino ang pinakamakapangyarihang pinuno ng Nazi na maituturing na isang panatikong Nasyonalista?

- A. Adolf Hitler
- B. Benito Mussolini
- C. Joseph Stalin
- D. Vladimir Lenin

9. Anong uri ng pamahalaan kung saan limitado lamang ang karapatan ng mga mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan?

- A. Awtoritaryanismo
- B. Demokrasya
- C. Sosyalismo
- D. Totalitaryanismo

10. Alin ang **hindi** kabilang na dahilan sa pagsilang ng Fascismo sa Italya?

- A. Malawakang pagpapahirap at pagpatay sa mga Hudyo sa Europa.
- B. Walang kakayahan ang pamahalaan na lutasin ang mga suliranin ng bansa.
- C. Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig.
- D. Paghihirap ng kabuhayan tulad ng kakulangan ng pagkain at mga pangunahing pangangailangan.

11. Sa anong bansa namayani ang ideolohiyang sosyalismo?

- A. China
- B. Italy
- C. Japan
- D. Philippines

12. Anong ideolohiya ang naisilang sa Italy na pinamunuan ni Benito Mussolini?

- A. Fascismo
- B. Komunismo
- C. Nazismo
- D. Sosyalismo

13. Anong ideolohiya ang umiiral sa bansang China?

- A. Demokrasya
- B. Komunismo
- C. Monarkiya
- D. Totalitaryanismo

14. Anong kategorya ng ideolohiya ang nakatuon sa mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa?

- A. Ideolohiya sa Pulitika
- B. Ideolohiya sa Lipunan
- C. Ideolohiya sa Kalusugan
- D. Ideolohiya sa Ekonomiya

15. Kailan nagiging diktadura ang demokrasya?

- A. Lahat ng mga mahahalagang industriya ay pag-aari na ng lipunan.
- B. Binigyan ng namuno ang mga mamamayan ng malawak na karapatan.
- C. Ang kapangyarihan ng namuno ay lubos na ibinigay sa mga mahihirap kaysa mga mayayaman.
- D. Ang namuno ay sinunod ang kaniyang sariling kagustuhan at isawalang-bahala ang kagustuhan ng mga tao.



## ***Balikan***

### **Gawain 1: Hula - Salita**

**Panuto:** Balikan ang kakatapos na modyul (AP8 Modyul3). Bumuo ng salita mula sa ginulong mga letra. Gawin ito sa sagutang papel.







## Tuklasin

### Gawain 2: Isip-Kahulugan

**Panuto:** Isulat ang mga konseptong inilalarawan sa ibaba.

Kapitalismo

Demokrasya

Komunismo

Awtoritaryanism

Sosyalismo

Liberalismo

- \_\_\_\_\_ 1. Doktrinang pang-ekonomiya
- \_\_\_\_\_ 2. Kapangyarihan ay nasa mamamayan
- \_\_\_\_\_ 3. Lubos na kapangyarihan sa namumuno
- \_\_\_\_\_ 4. Naitatag ang Diktadurya ng mga Manggagawa
- \_\_\_\_\_ 5. Sistemang pangkabuhayan na kontrolado ng mga pribado




## Suriin

### Ang Kahulugan ng Ideolohiya

Isang sistema o kalipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at sa mga pagbabago nito. Nagmula ito sa salitang ideya o kaisipan na tuwirang sinusunod ng mga tao.<sup>1</sup>

**IDEOLOHIYA**

Destutt de Tracy  
- ang nagpakilala ng salitang ideolohiya bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya. <sup>2</sup>



Destutt de Tracy  
<https://bit.ly/2XJM3hB>

## Ideolohiya

### Ideolohiya sa Ekonomiya

Nakatuon sa mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa at paraan ng paghahati ng mga kayamanan para sa mga mamamayan.

Saklaw nito ang mga karapatang makapagnegosyo, mamasukan, makapagtayo ng unyon, at magwelga kung hindi magkasundo ang kapitalista at mga manggagawa.

### Ideolohiya sa Pulitika

Nakatuon ito sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa pamamahala. Ito ay mga pangunahing prinsipyong pulitikal at batayan ng kapangyarihang pulitikal. Bawat mamamayan ay may karapatan na bumuo at magpahayag ng opinyon at saloobin.

Ideolohiya	Manipestasyon sa Pulitika	Manipestasyon sa Ekonomiya
Sosyalismo Komunismo Pasismo Nazismo	Totalitarianismo Diktadorya	-Kontrolado ng estado ang ekonomiya -Pamahalaan ang nagmamay-ari sa produksiyon at pamamahagi nito -Kombinasyon ng estado at pribadong pagmamay-ari
Demokrasya	-Presidensiyal at Parliamentaryo -Maaring kombinasyon ng Presidensiyal at Parliamentaryo	-Malayang kalakalan -Kombinasyon ng estado at pribadong pag-mamay- ari

<sup>1</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*, 497.

<sup>2</sup> Ibid.

	<b><u>PALIWANAG</u></b>
1. Kapitalismo	<ul style="list-style-type: none"> <li>- <b>Isang sistemang pangkabuhayan</b> kung saan ang produksiyon, distribusyon, at kalakalan ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal hanggang sa maging maliit nalamang ang papel ng pamahalaan sa mga patakarang pangkabuhayan.<sup>3</sup></li> </ul>
2. Demokrasya	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Isang ideolohiya na kung saan ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao.</li> </ul> <p style="text-align: center;"><b><u>Manipestasyon sa Pulitika</u></b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- Maaaring makilahok ang mga mamamayan nang tuwiran o di-tuwiran. Tinatawag na <b>direct o tuwirang demokrasya</b> kung ibinoboto ng mamamayan ang gusto nilang mamuno sa pamahalaan. Karaniwang pumipili ang mga tao, sa pamamagitan ng halalan, ng mga kinatawan na siyang hahawak sa kapangyarihan o pamahalaan sa ngalan nila. Tinatawag ang pamamaraang ito na <i>representative</i> o kinatawang demokrasya.<sup>4</sup></li> <li>- Maaari rin namang <b>di-tuwiran</b> ang demokrasya kung ang ibinoboto ng mamamayan ay mga kinatawan nila sa pamahalaan na siya namang pipili ng mga pinuno sa pamahalaan.</li> <li>- Mayroon ding uri ng demokrasya na nagiging <b>diktadura</b>. Ito ay nagaganap kapag ang inatasan ng mga tao upang mamuno ay</li> </ul>

<sup>3</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*, 498.

<sup>4</sup> Ibid

	<p>magsimulang mangamkam ng kapangyarihan at isawalang bahala ang kagustuhan ng mga tao. Ang diktador ay namumuno batay sa kaniyang sariling kagustuhan at hindi sa kagustuhan ng mga tao.</p>
3. Awtoritaryanismo	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Ang <b>uri ng pamahalaan</b> na ang namumuno ay may lubos na kapangyarihan. Makikita ito sa pamahalaan ng Iran, ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado, ang Islam.</li> <li>- Napakalawak na kapangyarihan na sinusunod ng mga mamamayan ang namumuno.</li> <li>- Mayroong <b>konstitusyonal na awtoritaryanismo</b> kung saan ang kapangyarihan ng namumuno ay itinakda ng Saligang-Batas.</li> <li>- Ito ang tawag ng dating Pangulong Marcos sa kaniyang pamamahala sa ilalim ng Batas Militar noong 1972 hanggang sa mapatalsik siya noong Pebrero 1986.</li> </ul>
4. Totalitaryanismo	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan.</li> <li>- <b>may ideolohiyang</b> pinaniniwalaan at may partidong nagpapatupad</li> <li>- Limitado ang karapatan ng mga mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan. Ang pagpapahayag ng relihiyon ay hindi lubusang sinasang-ayunan, ngunit hindi naman tahasang ipinagbabawal. Lahat ng desisyon tungkol sa pamamahala at kabuhayan ay nasa kamay ng isang grupo o ng diktador.</li> <li>- Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga industriya. Halimbawa nito ang pamahalaan ni Hitler sa Germany at ni Mussolini sa Italy bago at habang nagaganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.</li> <li>- Isang <b>uri ng pamahalaang</b> totalitaryan ang sistemang diktatoryal. Ito ay unang ginamit noong sinaunang panahon tuwing may kagipitan o labanan at may pangangailangang magtakda ng isang punong militar na may kapangyarihang diktatoryal. Matapos ang kagipitan, umalis ang ganitong katungkulan.</li> <li>- Maraming bansa ang yumakap sa sistemang ito, sa sinaunang panahon. Palasak ito sa mga</li> </ul>

	<p>bansa sa Timog Amerika at iba pang lugar sa Asya at Africa ngunit higit na makapangyarihan kaysa sinaunang mga diktador ang makabagong diktadurya.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- Napananatili ang kapangyarihan sa diktador sa pamamagitan ng pagkontrol sa pamahalaan, ekonomiya, mass media o mga uri ng pamamahayag, simbahan, at sa kaisipan ng mga mamamayan.</li> </ul>
<p>5. Sosyalismo</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Isang ideolohiya na nakabatay sa patakarang pang-ekonomiya. Ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang grupo ng tao.</li> <li>- Ang grupong ito ang nagtatakda sa pagmamayari at sa pangangasiwa ng lupa, kapital, at mekanismo ng produksyon.</li> <li>- Ang mga industriya at lahat ng mga kailangan sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan ay nasa kamay rin ng pamahalaan.</li> <li>- Hangad ng sosyalismo ang pagkakamit ng perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa.</li> <li>- Binibigyang-diin nito ang pagtutulungan habang ang mahahalagang industriya ay pag-aari ng pamahalaan. Halimbawa ng ganitong pamahalaan ang namayani sa Tsina (1949-1978) at ang dating Unyong Sobyet (1917), kung saan ang teorya ni Karl Marx ay sinubukang bigyang katuparan.</li> </ul>

**Karagdagang kaalaman:**

1. Nagkaroon ng pag usbong ng mga ideolohiya sa iba't ibang bansa sa pagitan ng 1700-1800 upang tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan. Ang mga ito ay may pagkakaiba at pagkakatulad.
2. May mga bansang Islamic na may "unique" na pulitika at ekonomiya. Hindi sila maituturing na may ideolohiyang democratic o sosyalismo. Ang uri ng kanilang pamahalaan ay maaring absolute monarchy o konstitusyonal monarchy na may "mixed" na economic system. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang Saudi Arabia, Qatar, Alegria, Libya at Egypt.
3. Kung may kagamitan ay maaaring bisitahin ang site na ito na naglalahad sa mga Ismo na nasa talakayan. (Figueroa 2010)

## **Pamprosesong mga Tanong**

**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa sagutang papel.

1. Ano ang ibig sabihin ng ideolohiya?

---

---

---

2. Paano nakaaapekto ang ideolohiya sa kalagayan ng isang bansa?

---

---

---

3. Alin sa mga ideolohiya ang higit mong pinaniniwalaan? Bakit?

---

---

---

## **Mga Epekto ng Kabuhayan sa Pulitika**

### **Ang Komunismo sa Russia**


Nag-ugat ang ideolohiyang komunismo sa Russia noong panahon ng mga Tsar. Ayon sa nasusulat sa kasaysayan, ang Russia sa ilalim ng Tsar, ay naging makapangyarihan subalit ang mga namumuno ay naging *despotic*. Noong Marso 1917, ang Dinastiyang Romanov ay bumagsak bunga ng hindi maiwasang himagsikan. Ilan sa mga dahilan ng kaguluhan ay ang mga sumusunod:

1. Pulitikal - Ang pamahalaan ay awtokratiko, bulagsak at mahina. Hindi sila nagbigay ng pantay-pantay na karapatan sa mga tao.
2. Pangkabuhayan - Mahirap at makaluma ang kalagayan at pamamaraan ng pagsasaka. Walang kalayaan at maliit ang sahod ng mga manggagawa.<sup>5</sup>
3. Sosyal - Kakaunti lamang ang mga kalayaang sosyal. Pinilit nang lahat na sumunod sa pananampalatayang Orthodox. Sapilitang pinalaganap ang wikang Ruso sa mga minoryang kultural tulad ng Poles, Hudeo, taga-Finland at mga taga-Baltic.

---

<sup>5</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral, 502*.

Dumating sa Petrograd ang ilan sa mga lider na Bolshevik, kabilang sina Vladimir Lenin, Leon Trotsky at Joseph Stalin. Nakuha ni Lenin ang pagtitiwala ng mga tao dahil sa programang pag-aangkin ng pamahalaan sa lahat ng mga pagawaan. Ang kaniyang panawagan, Kapayapaan, lupain, at tinapay". Sa tulong nina Trotsky at Stalin, binalak ni Lenin na magkaroon ng **Pamahalaang Komunismo base sa mga prinsipyo ni Karl Marx**. Nobyembre 1917, naghimagsik ang mga Bolshevik sa Petrograd at bumagsak ang pansamantalang pamahalaan ni Kerensky. Tumakas si Kerensky at pagkatapos ay itinatag na ni Lenin ang pamahalaang Komunismo na una niyang pinamunuan.



**Vladimir Lenin**  
<https://bit.ly/3nRAxvb>

### **Ang Paglaganap ng Komunismo**

Mula 1917 hanggang 1920, nagkaroon ng mga labanan sa pagitan ng mga *Red Army* ng mga Bolshevik at ng mga *White Army* ng mga konserbatibo na dating tagasunod ng Tsar. Dala ng galit sa dating pamahalaan, nasupil ng mga *Red Army* ang mga *White Army*. Noong 1920, napasailalim ng Komunista ang buong Russia. Ipinangalagay ni Lenin na kailangan ang dahas at pananakop para maitatag ang "Diktadurya ng mga Manggagawa". Ang estadong naitatag nila ay tinawag na *Union Soviet Socialist Republic* o *USSR*.<sup>6</sup>

### **Mga prinsipyong pinaniniwalaan ng Komunismo:**

1. Pagtatag ng diktadurya ng mga manggagawa: Ang manggagawa ang supremo ng pamahalaan.
2. Pangangasiwa ng pamahalaan sa sistema ng produksiyon at distribusyon ng pag-aari.
3. Pagwawaksi sa kapitalismo.
4. Pagtatwa sa kapangyarihan ng Diyos at lubos na paghihiwalay ng estado at ng simbahan.
5. Pagsuporta, paghikayat at pagpapalaganap ng Kilusang Komunismo sa buong daigdig.

<sup>6</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*, 503.

## **Ang Pasismo (*Fascism*) sa Italy**

Ibang ideolohiya ang namayani sa Italy at tinawag itong Pasismo. Ang mga kondisyong nagbigay-daan sa pagsilang ng Pasismo sa Italy ay ang sumusunod:

1. Nasyonalismo - Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig gayong nabigyan naman ito ng bahagi sa mga pabuya ng digmaan.
2. Paghihirap sa Kabuhayan - Dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig, nagkulang sa pagkain at maraming pangangailangan ang Italy kaya tumaas ang halaga ng mga bilihan. Iginawad ng pamahalaan ang mataas na buwis upang mabayaran ang malaking pagkakautang ng bansa bunga ng digmaan. Marami ang nawalan ng trabaho sapagkat nasira ng digmaan ang mga sakahan at pagawaan.
3. Kahinaan ng Pamahalaan - Hindi nakayanan ng pamahalaang lutasin ang mga suliranin ng bansa. Pinalala pa ng pagkakaroon ng mahinang opisyal sa pamahalaan. Bunga nito, nawalan ng saysay ang mga tradisyong demokratiko patina ang mga tao sa kanilang demokratikong institusyon. Noong 1920, inagaw ng mga manggagawa ang tradisyong demokratiko. Nawala rin ang tiwala ng mga magsasaka sa mga may-ari ng lupa kaya inagaw nila ang mga lupain. Ang kapayapaan ay naibalik ng mga Pasista, isang samahang itinatag ni Benito Mussolini na dating sosyalista at editor ng pahayagan.



## Si Benito Mussolini at ang Black Shirts

Ang mga tagasunod ni Mussolini ay bumuo ng mga pangkat militar na tinawagna *Black Shirts* na nagsagawa ng mga pagpupulong ng mga grupong sosyalista at komunista. Ipinangangako nilang pangalagaan ang mga pribadong ari-arian. Noong Oktubre, 1922, naganap ang dakilang Pagmamartsa sa Roma. Pinilit ni Mussolini at ng mga Black Shirts na buwagin ang gabinete. Si Haring Victor Emmanuel ay napilitang magtatag ng bagong gabinete na si Mussolini ang Punong Ministro. Ang Parliyamanto ay napilitang maggawad ng mga kapangyarihang diktatoryal kay Mussolini. Ayon sa paniniwala ni Mussolini, bigo ang demokrasya, kapitalismo at sosyalismo. Sa halip, itinatag niya ang isang diktaduryang *Totalitarian Corporate State*. Pinagsama-sama ang kapitalismo, sosyalismo at ang sistemang guild ng Panahong Medieval.<sup>7</sup>



### Mga prinsipyong sinunod ng Pasismo:

1. Gumagawa lamang ang tao para sa kapakanan ng estado.
2. Ang demokrasya ay mahina at walang saysay at lakas ang kinakailangang pangibabawin.
3. Lahat ng bibitiwang opinyon, pasalita man o pasulat, ay kailangang naaayon sa pamahalaan.
4. Kinukontrol ang buong sistema ng edukasyon upang ang mamamayan ay makapagsilbi sa estado at makatulong sa paghahanda sa digmaan.
5. Maingat na sinesensor ang lahat ng mga pahayagan at publikasyon.
6. Lahat ng uri ng libangan ay sinusuri ng pamahalaan.
7. Hindi kinikilala ang kalayaang sibil.
8. Binibigyan ng bonus ang malalaking pamilya.
9. Hindi binibigyan ng karapatang sosyal, pulitikal at pangkabuhayan ang mga babae.<sup>8</sup>

<sup>7</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*, 504.

<sup>8</sup> Ibid, 504-504.

## Ang Nazismo sa Germany

Bilang isang ideolohiya, ang nazismo ay nangyari sa Germany simula noong 1930. Isa sa pinakamalupit na diktaduryang totalitaryan sa makabagong panahon. Nakakahawig ito ng pasismo sa Italy at ng komunismo sa Russia.

Ang pagnanais na makabawi sa kahihyan ng pagkatalo sa World War I at ang paniniwala na ang German ang dapat mamuno sa daigdig ay ilan lamang sa pangunahing layunin ng diktaduryang nazismo.

Basahin ang mga sumusunod na pangyayari:

Ang kahinaan ng Weimar Republic - Ang Republikang itinatag sa Germany pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay isa sa mga pinakademokratikong pamahalaan sa buong mundo. Ngunit hindi ito pinagkatiwalaan ng mga tao.

Kasunduan ng Versailles - Nasaktan ang makanasyonalismong damdamin ng mga German dahil sa mapagpahirap na mga probisyon ng Kasunduang Versailles. Ang mga masugid na makabayan ay nakahandang tumulong sa pamahalaan upang maiwasto ang sa palagay nila ay mga pagkakamali upang mabawi ang pagkapahiya ng Germany.

Ang paghihirap sa kabuhayan - Pagkatapos ng digmaan, ito ang talagang nagbigay-daan sa pagbagsak ng Republikang Weimar. Dahil sa mga pinsalang dulot ng digmaan at sa malaking pagkakautang, at mga reparasyong pagbabayaran ng Germany nagkaroon ng *inflation*.<sup>9</sup>

Si Adolf Hitler ang pinakamakapangyarihang pinunong Nazi. Isinilang siya sa Austria at maituturing na isang panatikong nasyonalista. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, binuo niya ang *National Socialist Party* na tinawag na Nazi.<sup>10</sup>



**Adolf Hitler**

<https://bit.ly/3Ctx1va>

---

<sup>9</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral, 505-506*.

<sup>10</sup> *Ibid*, 506.

Ang mga prinsipyo ng Nazismo na napapaloob sa akdang “Mein Kampf, Ang Aking Labanan”, ni Adolf Hitler ay ang sumusunod:


1. Ang kapangyarihang *racial* – Pinaniniwalaan ng mga German na sila ang nangungunang lahi sa daigdig. Nanggaling sila sa mga makalumang tribung Germanic na tinatawag ding Nordic o Aryano.
2. *Anti-Semitism* - Naniniwala ang mga Nazista na ang mga Hudyo na nanirahan sa Germany ay hindi mga Aleman at ang mga ito ang sanhi ng maraming suliranin at kabiguan ng kanilang bansa kaya ito ay kinakailangang mawala sa daigdig. Ito ang naging dahilan ng *holocaust* o pagpatay sa mga Hudyo.
3. Ang pagbuwag sa *Treaty of Versailles* – Sinisi ng mga Nazista ang Kasunduan sa Versailles na naging sanhi ng mga suliranin ng Germany.
4. Pan-Germanism - Ayon kay Hitler, ang isang pinalawak ng Germany ay kailangang maitatag, kasama na ang mga teritoryong nawala sa kanila noong Unang Digmaang Pandaigdig.
5. Ang pagwasak sa Demokrasya - Laban ang Nazismo sa demokrasya at pamahalaang Parlyamentaryo. Nanawagan silang wasakin ang Republika at itatagang Third Reich na siyang estadong totalitaryan ng Nazismo.<sup>11</sup>

### **Pamprosesong mga Tanong**

**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

1. Ano ang pagkakaiba ng ideolohiyang pasismo sa komunismo kung ang pinag-uusapan ay paraan ng pamamahala sa isang bansa?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Bakit hindi nagtagumpay at hindi nanatili ang ideolohiyang pasismo at nazismo sa Europa?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Ano ang kaibahan ng ideolohiyang pasismo sa nazismo?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Paano nakaapekto ang pagkakaroon ng magkaibang ideolohiya ng mga mamamayan sa kalagayan ng bansang Pilipinas sa kasalukuyan?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

<sup>11</sup> Blando, Rosemarie C., *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral, 506.*



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 3: Suri-Sitwasyon**

**Panuto:** Tukuyin kung anong ideolohiya at manipestasyon sa pulitika at ekonomiyang sumusunod na mga sitwasyon.



1. Hangad ang makamit ng perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa.
2. Karapatan ng mamamayan na bumoto at pumili ng pinuno.
3. Ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado.
4. Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga industriya.
5. Kontrolado ng mga pribadong mangangalakal ang produksiyon, distribusyon, at kalakalan.
6. Ang kapakanan ng mamamayan ay napailalim sa tunguhin at interes ng estado.
7. Nagtataguyod ng paniniwalang superyor ang lahing Aryano na kinabibilangan ng mga German.
8. Ang manggagawa ang supremo ng pamahalaan.



## Isaisip

### Gawain 4: Mahalaga Ang May Ideolohiya

**Panuto:** Bilang isang mag-aaral, bakit mahalagang magkaroon ka ng kaalaman tungkol sa ideolohiya? Isulat ang mga sagot sa concept map sa ibaba sa inyong sagutang papel.



## Isagawa

### Gawain 5: Icompare Mo!

**Panuto:** Punan ang talahanayan ng mga hinihinging impormasyon.

Ideolohiya	Kasalukuyang Bansang Nagpapatupad	Kalakasan	Kahinaan
Totalitarianismo			
Awtoritarianismo			
Sosyalismo			
Demokrasya			

## Karagdagang Tanong:

Batay sa ating talakayan. Alin sa mga ideolohiya ang maaaring maglarawan sa ating pulitika at ekonomiya. Ipaliwanag ang sagot sa sagutang papel.

---

---

---



## Tayahin

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang letra ng iyong sagot sa hiwalay na papel.

- Anong ideolohiya na kung saan may karapatan ang bawat tao na magsalita at magpahayag ng kanyang mga opinyon at mga saloobin?
  - Ideolohiya sa pulitika
  - Ideolohiya sa lipunan
  - Ideolohiya sa kalusugan
  - Ideolohiya sa ekonomiya
- Kailan nagiging diktadura ang demokrasya?
  - Lahat ng mga mahahalagang industriya ay pag-aari na ng lipunan.
  - Binigyan ng namuno ang mga mamamayan ng malawak na karapatan.
  - Ang kapangyarihan ng namuno ay lubos na ibinigay sa mga mahihirap kaysa mga mayayaman.
  - Ang namuno ay sinunod ang kaniyang sariling kagustuhan at isawalang bahala ang kagustuhan ng mga tao.
- Anong ideolohiya ang nakatuon sa mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa?
  - Ideolohiya sa Pulitika
  - Ideolohiya sa Lipunan
  - Ideolohiya sa Kalusugan
  - Ideolohiya sa Kabuhayan
- Sino ang nagpakilala ng salitang 'ideolohiya' bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya?

A. Destutt de Tracy	C. Karl Marx
B. Jean Jacques Rousseau	D. Thomas Hobbes
- Ano ang tawag sa isang sistema o kalipunan ng mga ideya at mga kaisipan nanaglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at sa mga pagbabago nito?

A. Demokrasya	C. Prinsipyo
B. Ideolohiya	D. Sosyalismo

6. Sa anong bansa namayani ang ideolohiyang sosyalismo?
- |          |                |
|----------|----------------|
| A. China | C. Japan       |
| B. Italy | D. Philippines |
7. Alin ang **hindi** kabilang na dahilan sa pagsilang ng Fascismo sa Italya?
- Malawakang pagpapahirap at pagpatay sa mga Hudyo sa Europa.
  - Walang kakayahan ang pamahalaan na lutasin ang mga suliranin ngbansa.
  - Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig.
  - Paghihirap ng kabuhayan tulad ng kakulangan ng pagkain at mgapangunahing pangangailangan.
8. Anong uri ng pamahalaan kung saan limitado lamang ang karapatan ng mga mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan?
- |                     |                     |
|---------------------|---------------------|
| A. Awtoritarianismo | C. Sosyalismo       |
| B. Demokrasya       | D. Totalitarianismo |
9. Sa sistemang pang ekonomikong kapitalismo, anong ahensiya o institusyon ang may maliit na ginampanan sa usapin ng pangangasiwa ng ekonomiya ngbansa?
- |                  |               |
|------------------|---------------|
| A. Mangangalakal | C. Pamahalaan |
| B. Paaralan      | D. Pamilya    |
10. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** kabilang sa mga prinsipyong Nazismo?
- Pagtatatag ng diktadurya ng mga manggagawa.
  - Paniniwala ng mga German na sila ang pangunahing lahi sa mundo.
  - Pagbuwag sa kasunduan sa Versailles sanhi ng mga suliranin sa Germany.
  - Pagwasak sa Republika at pagtatatag ng Third Reich na isang estadong totalitarian ng Nazismo.
11. Anong ideolohiya ang naisilang sa Italy na pinamunuan ni Benito Mussolini?
- |              |               |
|--------------|---------------|
| A. Fascismo  | C. Nazismo    |
| B. Komunismo | D. Sosyalismo |
12. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang **hindi** kabilang sa ideolohiya ng Komunismo?
- Pagwawaksi ng kapitalismo.
  - Lubos na paghihiwalay ng simbahan at estado.
  - Ang manggagawa ang supremo sa pamahalaan.
  - Pagkakapantay-pantay ng mahirap at mayaman.

13. Sino ang pinakamakapangyarihang pinuno ng Nazi na maituturing na isang panatikong Nasyonalista?
- A. Adolf Hitler  
B. Benito Mussolini  
C. Joseph Stalin  
D. Vladimir Lenin
14. Anong ideolohiya at uri ng pamahalaan ang nagbibigay sa mamamayan ng pantay na karapatan at kaalaman anuman ang kinabibilangang lahi, kasarian, o relihiyon?
- A. Demokrasya  
B. Kapitalismo  
C. Liberalismo  
D. Sosyalismo
15. Anong ideolohiya ang umiiral sa bansang China?
- A. Demokrasya  
B. Komunismo  
C. Monarkiya  
D. Totalitarianismo



## Karagdagang Gawain

### Gawain 6: Solusyon – Sagot!

**Panuto:** Sagutin ang tanong sa pamamagitan ng pagsulat ng Kritikal na Sanaysay.

**Tanong:** Alalahanin ang mga kalakasan ng bawat ideolohiya at ang manipestasyon nito sa pulitika at ekonomiya. Alin sa mga kalakasang ito ang angkop sa Pilipinas? Ipaliwanag ang iyong sagot sa 200-300 na salita. Gawin ito sa hiwalay na papel.

### Rubric sa Pagsulat ng Sanaysay

Kategorya	Higit na Inaasahan (5)	Nakamit ang Inaasahan (4)	Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (3)	Hindi Nakamit ang Inaasahan (2)	Iskor
Introduksyon	Nakapanghihikayat, malinaw na nailahad ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pagtanaw ukol dito	Malinaw na nailahad ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pagtanaw ukol dito	Nailahad ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pananaw ukol dito subalit hindi sapat ang pagpapaliwanag	Hindi malinaw ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pananaw at walang pagpapaliwanag ukol dito	
Nilalaman	Napakagaling. Malaman at mahusay na nalinang ang paksang diwa	Mabuti at magaling kaya lang ay limitado ng paglinang sa paksang diwa	May alam sa paksa. Halos nakaugnay sa paksa kaya lang kulang sa detalye	Masyadong limitado ang kaalaman sa paksa	



<b>Kategorya</b>	<b>Higit na Inaasahan (5)</b>	<b>Nakamit ang Inaasahan (4)</b>	<b>Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (3)</b>	<b>Hindi Nakamit ang Inaasahan (2)</b>	<b>Iskor</b>
Organisasyon	Napakagaling ng pagkakaorganisa. May lohikal na pagkakasunud sunod ang mga pangungusap	Magaling. Hindi gaanong organisado pero ang pinakapunong ideya ay kitangkita	Hindi gaanong kinakitaan ng mabuti or magaling na pagbabahagi ng ideya	Kulang na kulang sa lohikal na pagkakasunud-sunod ng mga ideya.	
Konklusyon	Nakapanghahamon ang konklusyon at nagpapakita ng pangkalahatang palagay o pasya batay sa mga katibayan at katwirang inisa-isa sa bahaging gitna	Nagpapakita ng pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at katwirang inisa-isa sa bahaging gitna	Hindi ganap na nagpapakita ng pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at katwirang inisa-isa sa bahaging gitna	May kakulangan at walang pokus ang konklusyon	
<b>Kabuuan</b>					



# Susi sa Pagwawasto

SUBKIN	TAYAHIN	BALIKAN	TUKLASIN
1. B	1. A	United Nations	1. Sosyalismo
2. A	2. D	Security Council	2. Demokrasya
3. A	3. D	Fourteen Points	3. Awtoritaryanismo
4. A	4. A	Woodrow Wilson	4. Komunismo
5. A	5. B	General Assembly	5. Kapitalismo
6. C	6. A		
7. D	7. A		
8. A	8. D		
9. D	9. C		
10. A	10. A		
11. A	11. A		
12. A	12. D		
13. B	13. A		
14. D	14. A		
15. D	15. B		

**Suriin Pamprosesong mga Tanong**

Ano ang ibig sabihin ng ideolohiya?

- Ang ideolohiya ay isang Sistema o kalipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at sa mga pagbabago nito.
- Paano nakaaapekto ang ideolohiya sa kalagayan ng isang bansa? Nakaapekto ang ideolohiya sa kalagayan ng isang bansa dahil ito ang lunduyan ng mga pampolitikang kilusan sa paglunsad ng reporma o rebolusyon tungo sa makabuluhang at pangmatagalang pagbabagong panlipunan.
- Alin sa mga ideolohiya ang higit mong pinaniniwalaan? Bakit? Para sa akin, ang ideolohiyang Demokrasya ang aking higit na pinaniniwalaan dahil ito ang nagpapatamasa sa lahat ng pantay na karapatan at kalayaan anuman ang kinabibilangang lahi, kasarian, o relihiyon. Ang demokrasya ay pinamumunuan ng mga kinatawang pinili ng mamamayan sa pamamagitan ng Malaya at matapat na halalan.

**Pagymanin Gawain 3: Suri-Sitwasyon**

1. Sosyalismo-pulitika
2. Demokrasya-pulitika
3. Awtoritaryanismo-pulitika
4. Totalitaryanismo-ekonomiya
5. Kapitalismo-ekonomiya
6. Pasismo-pulitika
7. Nazismo-pulitika
8. Komunismo-ekonomiya

**Pamprosesong Tanong:**

Ano ang pagkakaiba ng ideolohiyang pasismo sa komunismo kung ang pinag-uusapan ay paraan ng pamamahala sa isang bansa?

- Ang pagkakaiba ng ideolohiyang pasismo sa komunismo ay sa ideolohiyang komunismo, lahat ay pantay-pantay ang katayuan sa buhay at sama-sama ang makikikinabang sa produktibong ekonomiya. Sa ideolohiyang pasismo naman ay, ang kalayaan ay nakabatay sa paninilalang napapalilim ang kapakanan ng mamamayan sa tunguhin at interes ng estado. Sadyang may hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan.
- Bakit hindi nagtagumpay at hindi nanatili ang ideolohiyang pasismo at nazismo sa Europa? Maraming dahilan kung bakit hindi nagtagumpay at hindi nanatili ang ideolohiyang pasismo at nazismo sa Europa dahil sa nakita ng lipunan na nagging daana ng mga ito sa pag-aabuso ng ilang mga pangkat ng tao sa kapangyarihan, pagkawala o nalimitahan ang karapatang-pantao, nakapinsala ng malaki sa ekonomiya ng bansa, at maaring maubos nito ang pondo ng bansa.
- Ano ang kaibahan ng ideolohiyang pasismo sa nazismo? Ang kaibahan ng ideolohiyang pasismo sa nazismo ay, ang pasismo ay isang ideolohiyang nagsasad na ang kapakanan ng mamamayan ay napalilim sa tunguhin at interes ng estado. Samantala, ang nazismo ay isang ideolohiyang nagtataguyod ng paninilalang superior ang lahang kabilang sa "mababang uri ng lahi."
- Paano nakapekto ang pagkakaroon ng magkaibang ideolohiya ng mga mamamayan sa kalagayan ng bansang Pilipinas sa kasalukuyan?
- Matinding hamon at suliranin ang mahaharap ng bansang Pilipinas sa pagkakaroon ng magkaibang ideolohiya sa kasalukuyan.

**Isaisip**

**Gawain 4: Mahalaga Ang May Ideolohiya**

- Dahil ito ay nagsisilbing gabay sa pagkilos ng bawat mamamayan.
- Upang matunayan ang tamang konsepto na naayon sa ideolohiya
- Upang masuri ang pamamaraan ng sinusunod na bansa
- Upang malaman ang angkop na prinsipyo at konsepto sa pamamahala ng lipunan sa ekonomiya at sa aspetong pampolitika

**Karagandang Tanong!**

Batay sa ating takalayan, alin sa mga ideolohiya ang maaaring maglarawan sa ating pulitika at ekonomiya. Ipaliwanag ang sagot.

Para sa akin, ang ideolohiyang demokrasya ang may pinakamabisang ideolohiya na maaaring maglarawan sa ating pulitika at ekonomiya dahil ito ang nagpapatamasa sa lahat ng pantay na karapatan at kalayaan anuman ang kinabibilanganang lahi, kasarian o relihiyon. May karapatan ang bawat mamamayan na bumuo ng samahan. May karapatan ang mga tao sa pagboto sa pamamagitan ng halalan. Mga basehan para sa pagkakaroon ng pagkakaisa tungo sa pag-unlad ng isang bansa.

Kahinaan	Kalakasan	Kasalukuyang Bansa ng Nagpapatupad	Ideolohiya
Limitado lamang ang karapatan ng mga mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan	Pinaunmuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan	North Korea	Totalitarianismo
Piniipigilan ng gobyerno ang kalayaan sa relihiyon, ipinagbabawal ang lahat	Ang namumuno ay may lubos na kapangyarihan	China	Awtoritarianismo
Ang sagabal na kinakaharap ng ekonomiya ng Iran ay patuloy na paghihiwalay ng bansa sa internasyonal na komunidad. Ang paghihiwalay na ito ay humadlang sa maikil at pangmatagalang paglago ng mga pamilihan nito, piniigilan ang pag-access ng bansa sa mataas na teknolohiya, at piniipigilan ang pamumuhunan sa dayuhan	Ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang grupo ng tao. Hangad ng sosyalismo ang pagkamit ng perpekto ng lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produktsyon ng bansa	Iran	Sosyalismo
Ang Piliipinas ay isa rin sa mga bansa sa daigdig na may malaganap na korapsyon sa pamahalaan	Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao. Ipinatamasa sa lahat ng tao ang pantay na karapatan at kalayaan anuman ang kanilang kinabibilangang lahi, kasarian o relihiyon. Pinaunmuan ang mga kinatawagang piniil ng mamamayan sa pamamagitan ng Malaya at matapat na halalan	Philippines	Demokrasya

**Isagawa**  
**Gawain 5: Icompare Mo!**

**Karagdagang Gawain – Sagot**  
**Gawain 6: Solusyon – Sagot**

Ang Piliipinas ay isang demokratikong bansa. Nasa mga mamamayan ang kapangyarihan nito at nagmula sa kanila ang buong pamumuhunan ng pamahalaan.

Ang Ideolohiyang Demokrasya ay isang ideolohiya at uri ng pamahalaan na nagpapatamasa sa lahat ng pantay na karapatan at kalayaan anuman ang kinabibilangang lahi, kasarian o relihiyon. Ito ay pinaunmuan ng mga kinatawagang piniil ng mamamayan sa pamamagitan ng malaya at matapat na halalan. Itinuturing ang Piliipinas na isang bagong industriyalisadong bansa, kung saan mayroong ekonomiyang nagbabago mula sa agrikultura patungo sa serbisyo at pagmamamunapaktura. Isa ang Piliipinas sa tanging dalawang bansa sa Timog-Silangang Asya na Kristiyanismo ang pangunahing pananampatalaya.

Mahalaga ang demokrasya para sa ating lahat sapagkat ito ang pundasyon ng ating pagkakaisa at nagtatag ng kalayaan ng ating bansa. Ang paghahangad ng pantay-pantay na oportunidad para sa samabayang pagpapalawig ng puwersa ng pagpapalawig ang Piliipinas sa ilalim ng gobyernong nakasentro sa demokrasya. Upang tuluyang masabing demokratiko ang ating bansa, kinakailangan ng pantay na partisipasyon ng mga tao sa pagdating ng halalan, paggawa ng mga batas, at pagdedesisyon para sa bansa.

# ***Sanggunian***

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 - Modyul ng mag-aaral*. Pasig City, Philippines: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS). Pahina 497-498, 502-506.

## **Online Sources**

DepEd. 2015. *Mga ideolohiyang lumaganap sa daigdig: Modyul 18*. Pasig City, Philippines: Project EASE. <https://www.slideshare.net/ssusercdfef4f/modyul-18-mga-ideolohiyang-laganap>

Figuroa, Quinton. 2010. *Communism VS Socialism VS Fascism VS Capitalism Table / Chart*. February 27. Accessed June 5, 2020. <https://www.slayerment.com/blog/communism-vs-socialism-vs-fascism-vs-capitalism>.

<https://www.slideshare.net/whosign/araling-panlipunan-kasaysayan-ng-daigdig-module-4>

<https://www.slideshare.net/ssusercdfef4f/modyul-18-mga-ideolohiyang-laganap>

<https://www.slideshare.net/lhadieedilissa24/k-12kasaysayanngdaigdiga140726073346phpapp01>

<https://www.slideshare.net/lhadieedilissa24/k-12kasaysayanngdaigdiga140726073346phpapp01>

<https://www.scribd.com/presentation/479204832/ARALIN-3-COLD-WAR>

<https://www.scribd.com/presentation/463532037/MGA-PUWERSANG-PANGKABUHAYAN-SA-POLITIKA-NG-BANSA>

<https://www.scribd.com/presentation/463532037/MGA-PUWERSANG-PANGKABUHAYAN-SA-POLITIKA-NG-BANSA>

<https://www.scribd.com/presentation/461204490/COLD-WAR>

<https://www.scribd.com/presentation/412259349/AP8-4TH>

<https://www.scribd.com/presentation/400147110/Presentation-for-Observation>

<https://www.scribd.com/document/477529583/MODYUL-4-ANG-KONTEMPORARYONG-DAIGDIG-IKA-converted>

<https://www.scribd.com/doc/253864998/A-P>

[https://www.angkadluan.com/pluginfile.php/5287/mod\\_folder/content/0/Araling%20Panlipunan/Q4-AP-8-Week7.pdf?forcedownload=1](https://www.angkadluan.com/pluginfile.php/5287/mod_folder/content/0/Araling%20Panlipunan/Q4-AP-8-Week7.pdf?forcedownload=1)

[https://www.angkadluan.com/pluginfile.php/5287/mod\\_folder/content/0/Araling%20Panlipunan/Q4-AP-8-Week7.pdf?forcedownload=1](https://www.angkadluan.com/pluginfile.php/5287/mod_folder/content/0/Araling%20Panlipunan/Q4-AP-8-Week7.pdf?forcedownload=1)  
<https://www.scribd.com/presentation/479204832/ARALIN-3-COLD-WAR>

<https://brainly.ph/question/294668>

<https://brainly.ph/question/16874036>

<https://brainly.ph/question/16772698>

<https://bit.ly/3nRAxvb>

<https://bit.ly/3Ctx1va>

<https://bit.ly/3As5pWt>

<https://bit.ly/2XJM3hB>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \*